

Nawawalan ng Medicaid o CHIP?

Galugarin ang iba mong opsiyon sa pag-aalaga ng kalusugan



Sinusuri ng mga estado bawat taon upang malaman kung ang mga taong may Medicaid o Children's Health Insurance Program (CHIP) ay kwalipikado pa rin para sa coverage. Kung sabihin ng iyong estado na nawalan ka o maaaring mawalan ka ng saklaw sa kalusugan sa pamamagitan ng Medicaid o CHIP, may iba ka pang mga opsiyon para sa pangangalagang pangkalusugan. Narito ang ilang mahahalagang bagay na dapat malaman:

1. Maaari kang muling mag-apply para sa Medicaid o CHIP upang malaman kung kwalipikado ka pa rin.

- Sa lahat ng estado, ang Medicaid at ang Children's Health Insurance Program (CHIP) ay nag-aalok ng saklaw sa kalusugan para sa ilang taong mababa ang kita, mga pamilya at mga bata, mga buntis na babae, matatanda, at mga taong may kapansanan. Kung magbago ang iyong antas ng kita o mga pangangailangang medikal, maaari kang maging kwalipikado para sa Medicaid o CHIP sa iyong estado.
- Maaari kang mag-apply anumang oras, at walang limitasyon sa dami ng beses na maaari kang mag-aplay.
- Upang muling mag-apply para sa Medicaid o CHIP, bisitahin ang [Medicaid.gov/about-us/where-can-people-get-help-medicaid-chip#statemenu](https://www.medicaid.gov/about-us/where-can-people-get-help-medicaid-chip#statemenu) at piliin ang iyong estado para sa mga susunod na hakbang.

2. Indibidwal na saklaw ng insurance sa kalusugan (tulad ng sa Health Insurance Marketplace®)

- Maaaring kwalipikado ka para sa tulong pinansyal upang mabawasan ang iyong mga gastos na kailangang bayaran mula sa sariling bulsa.
- Sinasaklaw ng lahat ng plano ang pagbisita sa doktor, mga reseta ng gamot, pang-emerhensiyang pangangalaga, kalusugan ng isip, at iba pa.
- Bisitahin ang [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) upang maghanap at magpatala sa isang health plan, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-855-889-4325.

Mayroon kang 90 araw pagkatapos magtapos ang iyong Medicaid o CHIP coverage upang i-report na nawala mo ang coverage na ito sa iyong Marketplace application at pumili ng plano.

- Maghain ng bago o na-update na aplikasyon sa Marketplace upang malaman kung ikaw (o ang iba sa iyong sambahayan) ay kwalipikadong mag-enroll sa isang Marketplace na plano at makakuha ng tulong sa mga gastos. Kapag nag-apply ka, maaaring kailangan mong magsumite ng dokumento mula sa iyong estado na nagpapakita na mawawalan ka o malapit ka nang mawalan ng Medicaid o CHIP coverage.

3. Maaaring makapagparehistro ka sa Medicare nang hindi nagbabayad ng late enrollment penalty.

- Kung kwalipikado ka na ngayon para sa Medicare, ngunit hindi ka nagparehistro noong una kang naging karapat-dapat, may

limitadong panahon ka (na tinatawag na "Espesyal na Panahon ng Pagpaparehistro") para magparehistro nang hindi nagbabayad ng karaniwang multa.

- Nagsisimula ang Iyong Espesyal na Panahon ng Pagpaparehistro sa araw na ipinaalam sa iyo ng iyong estado na magtatapos na ang iyong Medicaid coverage, at nagpapatuloy ito ng 6 na buwan pagkatapos matapos ang iyong Medicaid coverage.
 - Upang magparehistro para sa Medicare sa panahon ng Espesyal na Panahon ng Pagpaparehistro na ito, punan ang form na CMS-10797, na makukuha sa [CMS.gov/files/document/application-medicare-part-part-b-special-enrollment-period-exceptional-conditions.pdf](https://www.cms.gov/files/document/application-medicare-part-part-b-special-enrollment-period-exceptional-conditions.pdf). Pagkatapos, ipadala ito sa pamamagitan ng koreo o fax sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security, na nakalista sa [Secure.ssa.gov/ICON/main.jsp](https://www.secure.ssa.gov/ICON/main.jsp) o tumawag sa Social Security sa 1-800-722-1213. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-325-0778.
 - Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang [Medicare.gov](https://www.medicare.gov) o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.
- ### 4. Maaari kang makipag-usap sa iyong employer tungkol sa anumang mga opsiyon sa pangangalagang pangkalusugan na inaalok ng iyong kumpanya.
- Dapat ibahagi ng mga kawani ng human resources ng inyong kumpanya ang impormasyon tungkol sa mga magagamit na opsiyon sa health coverage, kabilang ang halaga ng premium at mga benepisyo ng plano.
 - Ang pagkawala ng Medicaid o CHIP ay isang "Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay," na nangangahulugang maaari kang mag-enroll sa isang employer plan kahit hindi panahon ng Open Enrollment.

Kailangan mo pa ng tulong?

Bisitahin ang [HealthCare.gov/find-local-help](https://www.healthcare.gov/find-local-help) para makakuha ng tulong mula sa isang tao sa iyong lugar. Libre ang serbisyong ito at makakatulong sa iyo na mas maintindihan ang iyong mga opsiyon sa pangangalagang pangkalusugan.

